Mga Bilanggo ng Pag-asa

Poetry

Sapagka't dinirinig ng Panginoon ang dukha, at hindi hinahamak ang kaniyang mga bilanggo. Psalm 69:33

Dumating nawa sa harap mo ang buntong-hininga ng bilanggo; ayon sa kadakilaan ng iyong kapangyarihan ingatan mo yaong mga itinalagang mamatay; Psalm 79:11

Ito ay isusulat para sa henerasyong darating: at ang mga taong lilikhain ay magpupuri sa Panginoon. Sapagka't siya'y tumingin mula sa kaitaasan ng kaniyang santuario; mula sa langit ay minasdan ng Panginoon ang lupa; Upang marinig ang daing ng bilanggo; upang pakawalan yaong mga itinalaga sa kamatayan; Psalm 102:18-20

Ilabas mo ang aking kaluluwa sa bilangguan, upang aking purihin ang iyong pangalan: kukubkubin ako ng mga matuwid; sapagka't gagawa ka ng sagana sa akin. Psalm 142:7

Masaya siya na mayroong Dios ni Jacob na kaniyang saklolo, na ang pagasa ay nasa Panginoon niyang Dios: Na siyang gumawa ng langit, at ng lupa, ng dagat, at ng lahat na nandoon: Na nag-iingat ng katotohanan magpakailan man: Na naglalapat ng kahatulan sa napipighati, na nagbibigay ng pagkain sa gutom. Pinakawalan ng Panginoon ang mga bilanggo: Psalm 146:5-7

Prophets

Ganito ang sabi ng Dios na Panginoon, na lumikha ng mga langit, at nag-unat ng mga yaon; siya na naglatag ng lupa, at yaong lumalabas dito; siyang nagbibigay ng hininga sa mga tao doon, at espiritu sa kanila na nagsisilakad doon: akong Panginoon ay tumawag sa iyo sa katuwiran, at hahawakan ang iyong kamay, at iingatan ka, at ibibigay ka na pinaka tipan ng mga tao, na pinaka liwanag ng mga Gentil; Upang idilat ang mga bulag na mata, upang ilabas ang mga bilanggo sa bilangguan, at silang nangakaupo sa kadiliman sa labas ng bilangguan. Isaiah 42:5-7

Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay nasa akin; sapagka't ako'y pinahiran ng Panginoon upang mangaral ng mabuting balita sa maamo; sinugo niya ako upang balutin ang mga bagbag na puso, upang ipahayag ang kalayaan sa mga bihag, at ang pagbubukas ng bilangguan sa mga nakagapos; Isaiah 61:1

At tungkol sa iyo naman, sa pamamagitan ng dugo ng iyong tipan ay aking pinalabas ang iyong mga bilanggo mula sa hukay na walang tubig. Kayo'y magsibalik sa kuta, kayong mga bilanggo ng pag-asa: sa araw na ito ay ipinahahayag ko na ako'y magbibigay ng doble sa iyo; Zechariah 9:11-12

Gospels

Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa kanila sa kaniyang kanan, Halina kayo, kayong mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kaharian na inihanda para sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan: Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong binigyan ng pagkain: Ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom: Ako'y naging dayuhan, at ako'y inyong pinatuloy: Hubad, at binihisan ninyo ako:

Ako'y may sakit, at ako'y inyong dinalaw: Ako ay nasa bilangguan, at kayo ay lumapit sa akin. Kung magkagayo'y sasagot sa kaniya ang mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw, at pinainom ka? Kailan ka namin nakitang isang dayuhan, at pinatuloy ka? o hubad, at binihisan ka? O kailan ka namin nakitang may sakit, o nasa bilangguan, at pumunta sa iyo? At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang ginawa ninyo ito sa isa sa pinakamaliit nitong mga kapatid kong ito, ay ginawa ninyo ito sa akin. Matthew 25:34-40

Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Magsisitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian: At magkakaroon ng malalaking lindol sa iba't ibang dako, at mga taggutom, at mga salot; at ang mga nakakatakot na tanawin at mga dakilang tanda ay magkakaroon mula sa langit. Datapuwa't bago ang lahat ng ito, kayo'y kanilang dadakpin, at pag-uusigin kayo, na ibibigay kayo sa mga sinagoga, at sa mga bilangguan, na dadalhin sa harap ng mga hari at mga pinuno dahil sa aking pangalan. At ito ay magiging sa inyo bilang isang patotoo. Luke 21:10-13

Acts

Nang magkagayo'y nagtindig ang dakilang saserdote, at ang lahat ng mga kasama niya, (na siyang sekta ng mga Saduceo,) at nangapuspos ng galit, At ipinatong ang kanilang mga kamay sa mga apostol, at inilagay sila sa karaniwang bilangguan. Datapuwa't binuksan ng anghel ng Panginoon sa gabi ang mga pintuan ng bilangguan, at inilabas sila, at sinabi, Humayo kayo, tumayo kayo, at sabihin niyo sa mga tao sa templo ang lahat ng mga salita ng buhay na ito. Acts 5:17-20

Si Pedro nga ay kinulong sa bilangguan: datapuwa't walang patid ang panalangin ng iglesia sa Dios para sa kaniya. At nang siya'y ilalabas na sana ni Herodes, nang gabing yaon ay natutulog si Pedro sa pagitan ng dalawang kawal, na nakagapos ng dalawang tanikala: at ang mga bantay sa harap ng pintuan ay nagbabantay sa bilangguan. At, narito, ang anghel ng Panginoon ay dumating sa kaniya, at ang isang ilaw ay lumiwanag sa bilangguan: at kaniyang hinampas si Pedro sa tagiliran, at siya'y itinayo, na sinasabi, Bumangon ka kaagad. At ang kanyang mga tanikala ay natanggal mula sa kanyang mga kamay. Acts 12:5-7

Datapuwa't siya, na sininyasan sila ng kamay upang tumahimik, ay isinaysay sa kanila kung paano siya inilabas ng Panginoon sa bilangguan. At sinabi niya, Humayo kayo at ipahayag niyo ang mga bagay na ito kay Santiago, at sa mga kapatid. At siya'y umalis, at pumunta sa ibang dako. Acts 12:17

At nang sila'y mahampas nila ng maraming beses, ay kanilang inihagis sila sa bilangguan, na ipinag-utos sa bantay ng bilangguan na bantayan silang mabuti: Na, nang makatanggap ng gayong bilin, ay itinulak sila sa pinakaloob na bilangguan, at pinosas ang kanilang mga paa sa mga pangawan. At sa hatinggabi ay nanalangin si Pablo at si Silas, at umawit ng mga pagpuri sa Dios: at narinig sila ng mga bilanggo. At biglang nagkaroon ng isang malakas na lindol, na anopa't ang mga pundasyon ng bilangguan ay nayanig: at pagdaka'y nangabuksan ang lahat ng mga pinto, at ang mga gapos ng bawa't isa ay nangakalag. At ang tagapagbantay ng bilangguan ay nagising sa kaniyang pagkakatulog, at pagkakita sa mga pintuan ng bilangguan na bukas, ay binunot niya ang kaniyang tabak, at magpapakamatay sana, sa pag-aakalang ang mga bilanggo ay nagsitakas. Datapuwa't sumigaw si Pablo ng malakas na tinig, na nagsasabi, Huwag mong saktan ang iyong sarili: sapagka't narito kaming lahat. Nang magkagayo'y humingi siya ng isang ilaw, at agad pumasok, at lumapit na nanginginig, at nagpatirapa sa harap nina Pablo at Silas, At inilabas sila, at sinabi, Mga ginoo, ano ang dapat kong gawin upang maligtas? At kanilang sinabi, Manampalataya ka sa Panginoong Jesucristo, at maliligtas ka, at ang iyong sangbahayan. At sinabi nila sa kanya ang salita ng Panginoon, at sa lahat ng nasa kanyang bahay. At kinuha niya sila sa oras ding iyon ng gabi, at

hinugasan ang kanilang mga latay; at agad na binautismuhan, siya at ang lahat ng kanya. At nang sila'y maipasok na niya sa kaniyang bahay, ay inihanda niya ang pagkain sa harap nila, at nagalak, na sumasampalataya sa Dios kasama ng kaniyang buong sangbahayan. Acts 16:23-34

Epistles

Sila ba ay mga ministro ni Kristo? (Ako ay nagsasalita bilang isang tanga) Ako ay higit pa; sa mga pagpapapagal ay higit na sagana, sa mga hampas ay higit sa sukat, sa mga bilangguan ay mas madalas, sa mga pagkamatay ay madalas. 2 Corinthians 11:23

Ako nga, na bilanggo ng Panginoon, ay namamanhik sa inyo na kayo'y magsilakad ng karapatdapat sa bokasyon na itinawag sa inyo, na may buong kababaan at kaamuan, na may pagpapahinuhod, na mangagtitiis sa isa't isa sa pagibig; Pagsisikap na panatilihin ang pagkakaisa ng Espiritu sa bigkis ng kapayapaan. Ephesians 4:1-3

Huwag mo ngang ikahiya ang patotoo tungkol sa ating Panginoon, o sa akin na kaniyang bilanggo: kundi maging bahagi ka sa mga kapighatian ng ebanghelyo ayon sa kapangyarihan ng Diyos; Na siyang nagligtas sa atin, at tumawag sa atin ng isang banal na pagtawag, hindi ayon sa ating mga gawa, kundi ayon sa kaniyang sariling layunin at biyaya, na ibinigay sa atin kay Cristo Jesus bago pa man ang sanglibutan, Nguni't ngayon ay nahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na nagpawi ng kamatayan, at nagdala ng buhay at kawalang-kamatayan sa liwanag sa pamamagitan ng ebanghelyo: Na doo'y itinalaga ako na isang mangangaral, at isang apostol, at isang guro ng mga Gentil. 2 Timothy 1:8-11

Si Pablo, na bilanggo ni Jesu-Cristo, at si Timoteo na ating kapatid, kay Filemon na aming minamahal, at kamanggagawa, Datapuwa't alang-alang sa pag-ibig ay ipinamamanhik ko pa sa iyo, na ako'y gaya ni Pablo na matanda, at ngayo'y din bilanggo naman ni Jesu-Cristo. Philemon 1:1,9

Huwag kang matakot sa mga bagay na iyong pagdudusahan: masdan, itatapon ng diyablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo ay masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatian ng sampung araw: maging tapat kayo hanggang sa kamatayan, at bibigyan ko kayo ng korona ng buhay. Revelation 2:10